



**Pansamantalang Framework para sa Paggamit ng PPE ng Lungsod at County ng San Francisco (CCSF), Mga Empleyado ng Mga Serbisyong Pangkapaligiran (EVS), at Mga Kontratista ng EVS (Mga Tagapangalaga), na Nagtatrabaho sa Mga Lugar ng Paglilinis ng Pasilidad Kung Saan Ginagamot, Nananatili, o Pansamantalang Na-relocate ang Mga Pasyenteng Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19**  
**Mga Kasalukuyang Kakulangan sa PPE**

**NA-UPDATE NOONG Hunyo 16, 2020**

Ibinahagi ng Lungsod at County ng San Francisco ang Pansamantalang Framework para sa Personal na Pamproteksyong Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), sa pagsisikap na itaguyod ang pangkalahatang kaayusan, kalusugan, at kaligtasan; kalusugan at kaligtasan ng empleyado; at epektibong pangangalaga at mga serbisyo sa kliyente at pasyente sa panahon ng pandemiko ng COVID-19, nang isinasaalang-alang ang kasalukuyang kakulangan sa PPE. Dapat maunawaan ng sinumang nagsusuri ng Pansamantalang Framework para sa PPE na ito ang sumusunod:

- Mabilis na nagbabago ang datos, kaalaman, at mga rekomendasyon hinggil sa ligtas na paggamit ng PPE. Bumuo ang Lungsod at County ng San Francisco (City and County of San Francisco, CCSF) ng Pansamantalang Framework batay sa imbentaryo nito ng PPE at ang mga serbisyo sa kliyente at pasyente na ibinibigay hanggang Hunyo 16, 2020. Partikular na nakabatay ang framework na ito sa datos, kaalaman, at mga rekomendasyon hinggil sa ligtas na paggamit ng PPE at prognosis sa supply chain hanggang Hunyo 16, 2020, at posible itong magbago nang walang pag-abiso.
- Dapat kumonsulta ang mga provider ng pangangalaga at serbisyo sa mga gabay ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) para sa kasalukuyang seleksyon, mga alternatibo, at ligtas na paggamit ng PPE. Posibleng hindi ganap na sumusunod ang Framework na ito sa lahat ng alituntunin para sa PPE, pero binuo ito para tugunan ang Emergency sa Pandemiko ng COVID-19 at ang nagreresultang kakulangan sa PPE.

Dapat kumonsulta ang mga provider ng pangangalaga at serbisyo sa kanilang Mga Tauhan sa Kalusugan at Kaligtasan, Pagkontrol ng Impeksyon, at Pamamahala sa Panganib (Health & Safety, Infection Control, and Risk Management Staff) bago magpasyang gamitin ang alinman sa impormasyon o prosesong nasa Pansamantalang Framework para sa PPE na ito. Ang anumang pasya na gamitin ang lahat o ang bahagi ng Pansamantalang Framework para sa PPE na ito ay ganap na nakadepende sa provider na iyon. Sa pagiging pampubliko ng Pansamantalang Framework para sa PPE na ito, hindi nagpapalagay o nag-uutos ang CCSF, o ang mga opisyal o empleyado nito, ng anumang obligasyon kung saan magkakaroon ito ng pananagutan sa taong nagsasabi na nagdulot ng panganib ang Pansamantalang Framework na ito.

**AUDIENCE:** Mga provider ng CCSF at Kontratista ng Mga Serbisyong Pangkapaligiran (Environmental Services, EVS) na nagtatrabaho sa mga pasilidad kung saan ginagamot, nananatili, o pansamantalang na-relocate ang mga pasyenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19. Kabilang sa listahang ito ang:

- Mga Klinika sa Ospital para sa Outpatient
- Mga Klinikang Hindi sa Ospital (Pangunahing Pangangalaga at Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip ng DPH)
- Mga Shelter-in-Place (SIP) na Hotel



- Mga Pang-isolation at Pang-quarantine (Isolation and Quarantine, I/Q) na Hotel
- Mga Lugar na Nagkaroon ng Kaso ng COVID-19
- Mga Shelter o Navigation Center para sa mga taong walang matirahan (Persons Experiencing Homelessness, PEH)
- Mga Mookupahan Lang ng Isang Residente (Single Resident Occupancy, SRO) na Pasilidad
- Mga Kulungan
- Mga Lugar ng Alternatibong Pangangalaga (Alternate Care Site, ACS): ang lugar kung saan puwedeng patuloy na maalagaan ang mga na-injure o may sakit na pasyente at kliyente para sa mga pabalik-balik na kondisyon sa mga hindi tradisyonal na kapaligiran. Maaaring kasama sa mga ACS na ito ang mga lokasyong kailangang i-convert (hal., mga eskwelahan, hotel, mobile field hospital).

Para sa mga layunin ng gabay na ito, ang mga indibidwal na pinaghihinalaang may COVID-19 ay ang mga indibidwal na may mga sintomas na katulad ng mga sintomas ng COVID-19, kung saan kasama ang: mataas na temperatura ( $\geq 38^{\circ}\text{C}$  o  $100.4^{\circ}\text{F}$ ), ubo, pananakit ng lalamunan, bagong pangangapos ng hininga, o rhinorrhea (malubhang sipon), sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, labis na pagkapagod, bagong pagkawala ng pang-amoy o panlasa, pagduruwal, pagsusuka, o pagtatae. Posibleng magkaroon ang mga indibidwal ng isa o higit pa ng mga sintomas na ito. Tingnan ang mga alituntunin ng CDC para sa isang listahan ng mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>

**LAYUNIN:** Para gumawa ng framework para sa mga rekomendasyon sa personal protective equipment (PPE) para sa CCSF at mga kontratistang empleyado ng EVS na nagtatrabaho sa mga lugar na nakalista sa itaas na isinasalang-alang (1) ang panganib ng transmisyon ng SARS-CoV-2 sa iba't ibang aktibidad at (2) ang availability ng mga supply at mapagkukunan ng PPE.

**BACKGROUND:** Ang novel coronavirus disease, o COVID-19, ay isang bagong sakit sa baga na naipapasa ng tao sa tao. Nakakaranas ng mga hindi malalang sintomas o walang sintomas ang karamihan ng mga taong nakakakuha sa nasabing impeksyon. Nagkakaroon ang ilan ng malalang karamdaman na nangangailangan ng pagpapaospital, lalo na ang mga nakatatanda at/o mga taong may mga pabalik-balik na medikal na kundisyon gaya ng sakit sa puso, sakit sa baga, diabetes, sakit sa bato, at mahinang immune system.

Ang mga empleyado ng EVS ay maaaring maitalaga sa mga pasilidad para sa paggagamot, dental, kalusugang pangkaisipan, residensyal at mga kulungan. Ang mga asymptomatic o symptomatic na pasyente at kliyente na may COVID-19 ay puwedeng payagan sa alinman sa mga setting na ito. Sa ganitong dahilan, ang CCSF at iba pang inilarawang pasilidad ay magpapatupad ng mga naaangkop na pang-administratibo at pangkapaligirang kontrol at pati na rin ng paggamit ng mga personal protective equipment (PPE) ng mga tauhan para makontrol ang transmisyon sa ibang kawani, pasyente at kliyente.

Bukod pa ryan, iniaatas ng [Health Order No. C19-12b](#) ([Kautusan sa Kalusugan Blg. C19-12b ng San Francisco ang pagtatakip ng mukha](#)) ng mga manggagawa at miyembro ng publiko, kahit sa pagkuha ng mga serbisyo sa mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga ospital, klinika, lokasyon sa pagsusuri para sa COVID-19, at provider ng kalusugang pangkaisipan.

## PPE

Nakabalangkas sa Talahanayan 1 sa ibaba ang inirerekomendang PPE na gagamitin sa paglilinis ng mga pasilidad na gagamot sa mga pasyente at kliyenteng asymptomatic, pinaghihinalaan o kumpirmadong



may COVID-19.

Gaya ng ipinapakita sa Seksyon I ng Talahanayan 1, para sa EVS na nagtatrabaho sa mga pasilidad na gumagamot at nagpapanatili sa mga pasyente at kliyenteng asymptomatic na **hindi** pinaghihinalaang o hindi kumpirmadong positibo sa COVID-19, maaaring gumamit ng mga hindi masyadong pinaghihigpitang rekomendasyon sa PPE:

- Ang mga empleyado ng EVS ay naka-mask sa lahat ng pagkakataon sa kabuuan ng kanilang shift.
- Ang mga empleyado ng EVS ay magsusuot ng guwantes at shop coat kung nakasaad sa hindi nauugnay sa COVID-19 na medikal na isyu ng pasyente na kailangan ang naturang PPE para sa paglilinis at pag-disinfect ng kanilang lokasyon.
- Ang mga empleyado ng EVS ay maghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo o gamit ang alcohol-based hand sanitizer matapos tanggalin o palitan ang guwantes o matapos ang direktang contact sa pasyente nang walang suot na guwantes.
- Kung matutukoy ang pasyente bilang pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19, sundin ang mga pamantayan sa PPE sa Talahanayan 1.

Ang paggamit ng PPE ay isang paraan lang ng pagprotekta sa EVS at mga pasyente at kliyente mula sa transmision nito. Una sa lahat, dapat pahasayin ng mga pasilidad ang mga pang-administratibo at pangkapaligirang kontrol para mabawasan ang transmision ng sakit.

## Mga Paraan ng Pagkontrol sa Panganib

### Huwag magtrabaho kapag may sakit

Ang mga empleyado at kontratista ng EVS na may lagnat o iba pang sintomas na nauugnay sa impeksyon ng COVID-19 ay hindi dapat magtrabaho kung hindi maganda ang pakiramdam. Ang mga empleyadong hindi maganda ang pakiramdam ay dapat na payuhang mag-sick leave na magbibigay-daan sa empleyadong manatili sa bahay kapag may sakit. Dapat magsabi kaagad sa kanilang supervisor at umuwi na ang mga empleyado at kontratista ng EVS na magkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19 o lagnat habang nasa trabaho, at dapat nilang isaad kung sinong mga tao ang kanilang nakaugnayan, kung aling mga kagamitan ang kanilang ginamit, at kung aling mga lokasyon ang kanilang pinuntahan. Dapat kumonsulta ang mga empleyado at kontratista ng EVS sa kanyang sariling mga medikal na provider at sundin ang mga pamamaraan ng CCSF kung kailan ligtas bumalik sa trabaho pagkatapos ng pagkakaroon ng karamdaman na may mga sintomas ng COVID-19. <https://sfdhr.org/covid-19>

### Magpanatili ng Pisikal na Distansya

Magpanatili ng distansyang hindi bababa sa 6 na talampakan o gumamit ng pisikal na harang hangga't maaari, sa pagitan ng mga empleyado, kontratista, pasyente at kliyente ng EVS para mabawasan ang pagkakalantad.

Hangga't maaari ay magtrabaho kapag wala ang mga pasyente at kliyente.

### Magbigay ng Kaalaman, Sumunod at Magsanay

Sundin ang mga nakapaskil na alerto (hal. mga karatula at poster sa mga entrance at kapansin-pansing lugar) na nagbibigay ng instruction tungkol sa hand hygiene, respiratory hygiene, at kagawian sa pag-ubo.

Tiyaking batid ng mga empleyado na may mga available na PPE at supply gaya ng mga mask, hand soap,



basurahan, at alcohol-based hand sanitizer at alam nila kung saan makakakuha nito.

Ang mga empleyado ng EVS ay dapat abisuhan tungkol sa mga itinalagang kwarto o nakalaang kwarto o lugar para sa mga pasyente at kliyenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19. Ang mga empleyado at kontratista ng EVS ay dapat na bigyang-alam tungkol sa setup sa bawat pasilidad na kanilang nasasakupan.

Tiyaking nauunawaan ng mga empleyado at kontratista ng EVS na magsasagawa sila ng madalas at regular na paglilinis ng mga serbisyong madalas na hawakan at na ang mga pasilidad kung saan nagkaroon o nanatili ang mga pasyente at kliyenteng pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 ay mas mabusising lilinisin at idi-disinfect kung kinakailangan.

Ang mga empleyado at kontratista ng EVS ay aatasang subaybayan ang mga log ng kwarto ng pasyenteng may COVID-19 na nakapaskil sa pintuan kung saan ginagamot at nananatili ang mga pasyente at kliyente. Kasama sa log ang oras kung kailan umalis ang pasyente at kung kailan ligtas na pumasok sa lugar para linisin.

Dapat ding sundin ng mga tagapangalaga ang mga araw-araw na aksyong pang-iwas sa sakit, kasama ang:

- Pagsunod sa [mga rekomendasyon sa pagpapanatili ng pisikal na distansya](#) para maiwasang makihalubilo sa ibang tao sa labas ng kanilang bahay at manatili sa bahay maliban kung magsasagawa ng mahahalagang bagay.
- Magsuot ng facemask o takip sa mukha kapag nakikipag-interaksyon sa ibang tao sa labas ng bahay at lalo na sa mga lugar na maraming tao.
- Regular na maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng kahit 20 segundo lang, lalo na pagkatapos ninyong magbanyo; bago kayo kumain; at pagkatapos ninyong suminga, umubo, o bumahing. Kung walang tubig at sabon, gumamit ng hand sanitizer na may kahit man lang 60% alkohol. Palaging mahugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig kung kapansin-pansing marumi ang inyong mga kamay.
- Iwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig nang hindi pa naghuhugas ng mga kamay.
- Huwag makigamit at magpagamit ng mga personal na item sa sambahayan gaya ng mga plato, baso, kubyertos, o sapin sa kama.

Talahanayan 1: Personal Protective Equipment (PPE) para sa Mga Tauhan ng EVS na Nag-aasikaso sa Mga Pasyente at Kliyenteng Asymptomatic, Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19 sa CCSF at Mga Setting ng Pribadong Pasilidad (Mga Pasilidad para sa Paggagamot, Dental, Kalusugang Pangkaisipan, Kulungan, Hotel, SRO, at Iba Pang Residensyal na Pasilidad)

I: Pangkalahatang Paglilinis sa Mga Lugar na Pinagtitipunan	
Gustong PPE	Mga alternatibo kapag paubos na o walang supply o resource
<ul style="list-style-type: none"> <li>○ Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask<sup>1</sup>. Itapon kung matutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).</li> <li>○ Karaniwang Isyu sa Uniporme ng Mga Tagapangalaga</li> <li>○ Mga guwantes</li> </ul>	NA
II: Pagpasok sa Bakanteng Kwarto Matapos ang Iniatas na Tagal ng Paghihintay Pagkalabas ng Kliyenteng May COVID-19	



(Magkakaiba ang tagal ng paghihintay depende sa uri ng ventilation at rate ng pagdaloy ng palitan ng hangin. Kung wala ang partikular na gabay mula sa Kalusugan at Kaligtasan at/o Pagkontrol sa Impeksyon, gamitin ang 60 minutong tinukoy ng CDPH).

**Gustong PPE**

- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng facemask<sup>1</sup>. Itapon kung matutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng faceshield o goggles<sup>1</sup>
- Shop Coat o Gown<sup>2</sup>.
- Mga guwantes

**Mga alternatibo kapag paubos na o walang supply o resource**

- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng<sup>5</sup> facemask at goggles o alternatibong proteksyon sa mata<sup>1</sup>
- Alternatibong gown<sup>4</sup>
- Mga guwantes

III: Pagpasok sa Bakanteng Kwarto na Dating Inokupa ng Isang Kliyenteng May COVID-19 Nang Walang Tagal ng Paghihintay

**Gustong PPE**

- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng N95 na nasuring kasya<sup>3</sup>. Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas matagal na paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng faceshield o goggles<sup>1</sup>.
- Shop Coat o alternatibong gown<sup>4</sup>
- Mga guwantes

**Mga alternatibo kapag paubos na o walang supply o resource**

- Dapat ay may nakatalagang mga kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit para sa facemask o N95 na hindi nasubok kung kasya (puwedeng gamitin ang N95 na hindi nasubok kung kasya bilang mga pamalit sa facemask<sup>3</sup>)<sup>1</sup>. Itapon kung matutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).
- Mga alternatibong gown<sup>4</sup>
- Googles o Mga Alternatibong Proteksyon sa Mata<sup>5</sup> na may nakatalagang mga kagawian sa muling paggamit o mas matagal na paggamit.<sup>1</sup>
- Mga guwantes

IV: Pagpasok sa Kwartong May Kliyente o Pasyenteng Pinaghihinalaan o Kumpirmadong May COVID-19

**Gustong PPE**

- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng N95 na nasuring kasya<sup>1</sup>. Itapon ang N95 kung hindi masusunod ang mga kagawian sa mas matagal na paggamit o kung natutugunan ng N95 ang iba pang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).
- Dapat ay mayroong nakatalagang kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit ng faceshield o goggles<sup>1</sup>
- Gown<sup>2</sup> o coverall.
- Mga guwantes

**Mga alternatibo kapag paubos na o walang supply o resource**

- Dapat ay may nakatalagang mga kagawian sa muling paggamit at mas matagal na paggamit para sa facemask o N95 na hindi nasubok kung kasya (puwedeng gamitin ang N95 na hindi nasubok kung kasya bilang mga pamalit sa facemask<sup>3</sup>)<sup>1</sup>. Itapon kung matutugunan ang anumang pamantayan sa pagtatapon (tingnan ang Talahanayan 2).
- Gown o alternatibong gown<sup>4</sup>
- Mga Alternatibong Proteksyon sa Mata<sup>5</sup> na may nakatalagang mga kagawian sa muling paggamit o mas matagal na paggamit<sup>1</sup>
- Mga guwantes



Mga Footnote sa Talahanayan 1:

<sup>1</sup> Ang muling paggamit at mas matagal na paggamit ng PPE ay ayon sa patakaran ng pasilidad at panahon ng kakulangan sa PPE. Pakitingnan ang Talahanayan 2: “Mga Pamantayan sa Pagtatapon ng PPE (Discard Criteria for PPE)” sa ibaba kung kailan dapat itapon ang PPE sa mga setting ng muling paggamit at mas matagal na paggamit. Mahalaga ang pagsunod sa wastong kalinisan ng kamay kapag naghuhubad ng N95 respirator, facemask, proteksyon sa mata, o mga gown. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/hcp/ppe-strategy/index.html>

- **Tumutukoy ang mas matagal na paggamit** sa kagawian ng pagsusuot ng parehong N95 respirator, facemask, proteksyon sa mata, o gown kapag naglilinis ng maraming kwarto, nang hindi inaalis ang pamprotektang kagamitan sa bawat kwarto.
- **Tumutukoy ang muling paggamit** sa kagawian ng paulit-ulit na paggamit ng isang N95 respirator, facemask, o proteksyon sa mata ng isang tao sa isang yugto ng panahon at pag-aalis (“paghuhubad”) nito pagkatapos ng bawat paggamit.. Ang respirator, facemask, o proteksyon sa mata ay itinatabi sa bawat paggamit para ilagay ulit (“isuot”).

<sup>2</sup> Ang mga gown ay mga disposable na isolation gown na karaniwnag gawa sa artipisyal na materyal at hindi mapapasukan ng likido. Isapriyoridad ang mga gown para sa mga sumusunod na aktibidad:

- Sa oras ng mga aktibidad sa pangangalaga kung saan inaasahan ang mga pagtalsik at spray, at sa iba pang pamamaraang aerosol generating
- Sa oras ng mga aktibidad sa pangangalaga na nasa matinding contact sa pasyente/kliyente na nagbibigay ng mga oportunidad para sa paglipat ng mga pathogen sa mga kamay at damit ng mga provider, tulad ng: Pagbibihis, pagbabanyos/paliligo, paglilipat, paglilinis ng katawan, pagpapalit ng mga sapin sa kama, pagbabago ng mga panloob o pagtulong sa paggamit ng banyo, pangangalaga at paggamit ng device, paggamot sa sugat.

<sup>3</sup> Ang isang N95 respirator na hindi nasukat ng nagsusuot, ay itinuturing na pamalit para sa mga facemask.

<sup>4</sup> Kasama sa Mga Alternatibong Gown ang mga re-usable na cloth isolation gown, cloth gown, lab coat, o shop coat, at dedepende ito sa availability sa bawat pasilidad.

<sup>5</sup> Ang mga Alternatibong Proteksyon sa Mata sa mas hindi gustong ayos ay ang mga pangkaligtasang salamin ng ANSI at pagkatapos ay “mga eye shield” sa pangangalagang pangkalusugan



Talahanayan 2: Mga Pamantayan sa Pagtatapon para sa PPE sa Mga Setting ng Muling Paggamit at Mas Matagal na Paggamit

<b>PPE</b>	<b>Pamantayan sa pagtatapon</b>
N95 o mga facemask	Marumi o kitang-kita na may dumi Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan Nahihirapang huminga rito Kung ang mga strap ay labis na nabatak, o napigtas na, o kung nasira na ang takip sa mukha Isinusuot sa lugar ng pangangalaga sa pasyente na may mga karagdagang nakakahawang diagnosis na naipapasa sa pamamagitan ng contact (hal. <i>C. difficile</i> ) Kung hindi sinasadyang madikit ang maruming guwantes o kamay sa loob ng respirator
Shop Coat, Alternatibong Gown, o Karaniwang Uniform	Marumi o kitang-kita na may dumi Nagkaroon ng contact sa dugo o mga fluid sa katawan Pisikal na may sira, kasama ang mga sirang tali o pangkabit Isinusuot sa lugar ng pangangalaga sa pasyente na may mga karagdagang nakakahawang diagnosis na naipapasa sa pamamagitan ng contact (hal. <i>C. difficile</i> ) Pag-isipan ang pagtatapon pagkatapos ng mga aktibidad na nasa mataas na panganib, depende sa availability ng supply
Face shield, goggles, pangkaligtasang salamin ng ANSI o “mga eye shield” sa pangangalaga sa kalusugan	Hindi mahigpit na naisusuot sa provider Nahaharangan ang paningin at nananatiling may harang sa paningin kahit inayos na ito
Nitrile Gloves	Itapon matapos gamitin